| Aralin 16 | الدرس السادس عشر |
|---|---|

## Ang Pakikitungo Niya sa Mag-anak Niya

Tungkol naman sa pakikitungo ng Propeta (SAS) sa mag-anak niya, natipon nito ang mga marangal sa mga kaasalan. Siya ay mapagpakumbaba. Siya ay laging tumutugon sa pangangailangan ng mag-anak niya. Isinasaalang-alang niya ang kalagayan ng babae bilang isang tao, isang ina, isang maybahay, at isang anak. Tina-nong siya ng isang lalaki na nagsabi: "Sino po ang higit na karapat-dapat sa mga tao sa magandang pakikisama ko?" Sinabi niya: ***"Ang ina mo, pagkatapos ay ang ina mo, pagkatapos ay ang ina mo, at pagkatapos ay ang ama mo."*** Sinabi pa niya: ***"Ang sinumang nakaabot sa mga magu-lang niya o sa isa sa kanila at hindi nagpakabuti sa kanila at saka namatay siya at saka pumasok siya sa Apoy ay ilalayo siya ni Allah [sa awa Niya].***

Kapag uminom ang maybahay niya sa sisidlan ay kukunin niya ito, ilalagay niya ang bibig niya sa pinaglagyan ng bibig niyon at iinuman. Siya noon ay nagsasabi: ***"Ang pinakamabuti sa inyo ay ang pinakamabuti sa maybahay niya at ako ay ang pinakamabuti sa inyo sa maybahay ko."***

## Ang Awa Niya (SAS)

Tungkol naman sa katangian ng awa niya, sinabi nga niya (SAS): ***"Ang mga naaawa ay kaaawaan ng Napakamaawain. Kaawaan ninyo ang sinumang nasa lupa, kaaawaan Niya kayo na nasa langit."*** Ang marangal na Propeta natin (SAS) ay may pinakamasaganang bahagi sa dakilang kaasalan na ito. Lumili-taw iyon na malinaw at hayag sa mga nangyari sa kanya kasama ng lahat, maging bata man o matanda, maging kaanak man o di-kaanu-ano. Kabilang sa mga halimbawa ng habag niya at awa niya ay na pinadadali niya ang mga saláh niya at hindi pinatatagal kapag nakarinig ng iyak ng isang paslit. Ayon kay Abú Qatádah (RA), ayon sa Propeta (SAS) na nagsabi: ***"Tunay na ako ay tala-gang tatayo na sa saláh na ninanais ko na patagalin ngunit nakarinig ako ng iyak ng paslit kaya naman magpapaikli ako ng saláh ko dahil sa pagkasuklam na baka makapagpahirap ako sa ina niya."***

Bahagi ng awa niya sa kapwa niya at kasigasigan niya na pumasok sila sa Relihiyong mula kay Allah, noong nagkasakit ang isang batang Hudyo na naglilingkod sa Propeta (SAS) ay pinuntahan niya ito at dinadalaw ito. Umupo siya sa tabi ng ulo nito at nagsabi rito: ***Yumakap ka sa Islam.*** Tumingin ito sa ama nito na nakatayo sa tabi ng ulo nito at nagsabi rito ang ama nito: "Tumalima ka kay Abulqásim."[1] Kaya yumakap sa Islam ang bata. Pagkatapos, hindi naglaon ay namatay ito. Lumabas ang Propeta (SAS) mula sa kinaroroonan nito habang siya ay nagsasabi: ***"Ang papuri ay ukol kay Allah na sumagip sa kanya mula sa Apoy."***

[1] Ito ang taguri sa Propeta (SAS).